

1

Janina never really understood why most romance pocketbook heroes were assholes and playboys. Sa totoong buhay, sinong babae ang magkakagusto sa mga lalaking suplado, domineering, palikero at may emotional quotient ng isang comatose na koala bear? It just didn't make sense to her. Pero ngayon habang nakatitig siya sa kanyang kaibigan, parang naiintindihan na niya.

“So, see you on Monday, Jan.” Matamis ang ngiti ni Marlon at makalaglag-panty ang dimples nito sa magkabilang pisngi. “Are you sure you don't want us to drive you back to your place? Wala naman kaming gagawin ni Jake. Right, Jake?” Ibinaling nito ang titig sa katabi nitong lalaki at hindi nakalagpas sa kanya ang pagningning ng mga mata ni Marlon.

Ngumiti rin sa kanya si Jake, a.k.a. tall, dark and sexy. “Yes. We really don't mind. Isa pa, sigurado ka bang hindi mo na kailangan ng tulong sa pag-aayos ng iba mong gamit? Marami ka pang kahon d'un, ah. We could help—”

“Nah. I'm good.” Malapad siyang ngumiti sa lalaking mukhang binasbasan yata ng Diyos nang

pitong beses bago sinabing, ‘Humayo ka at paikutin ang mga matris ng mga babae.’ “Okay na ’ko, salamat talaga sa pagtulong sa paglipat ko.”

Tumahol si Harry sa tabi niya na tila ba pinapaalala sa kanya na nainip na ito sa loob ng kotse. Pinadaan niya ang mga daliri sa makapal na balahibo ng kanyang dalawang taong gulang na Alaskan Malamute. Agad itong umungol na tila nasarapan.

“Sige, Monday na lang, Marlon, Jake. Thank you talaga.”

“Anytime. Ingat sa pag-uwi, ha? Medyo liblib ’tong neighborhood mo. ’Wag kang magpagabi. Here.” Inabutan siya nito ng pepper spray.

Tumatawa niyang tinanggap iyon. “Marlon, Dear, bibili ako ng condensed milk at all purpose cream, hindi rarampa sa kung saang eskinita.” Naiiling niyang binuksan ang pinto ng kotse.

“Just be careful, okay?” pilit nito.

Imposibleng hindi mag-init ang dibdib niya sa sinseridad sa mga mata nito. Lumapad ang kanyang ngiti habang isinusuksok ang binigay nito sa kanyang sling bag.

“Yes, thank you. Sige, salamat ulit. Jake, thank you, ha.” Lumabas na siya ng *Ford Escape* at hinawakan ang pinto para makababa rin si Harry.

Halos umabot sa baywang niya ang taas ng aso, at dahil sa makapal na balahibo nito ay tila lalo itong nagmukhang malaki.

“I-diet mo na ’yang si Harry, mukhang tumataba na,” narinig niyang pahabol ni Marlon.

“Hindi. Maliit lang ako kaya mukha siyang malaki.”

Tumawa ang kaibigan at umiling.

“Sige na. Ingat sa pag-drive.” Isinara niya ang pinto saka umatras para makaandar ang mga ito.

Kumaway sa kanya si Jake mula sa loob ng sasakyan at kumaway rin siya sa mga ito. Nang umusad ang kotse, naaninag pa niya ang paglapit ng mukha ni Jake kay Marlon at ang masuyo nitong pagdampi ng halik sa pisngi ng kanyang kaibigan. Sa ilalim ng kahel at ginintuang langit, pinagmasdan niya ang bulto ng dalawang lalaking nasa loob ng kotse.

Napabuntong-hininga siya at binalingan si Harry. Kuntento itong nakatayo sa tabi niya sa malamig na

bangketa. Tila ninanamnam nito ang malamig na simoy ng hangin ng Antipolo.

“I understand now, Harry,” aniya sa alaga. “Alam ko na kung bakit puro assholes at palikero ang mga bida sa romance pocketbooks. ’Yun na lang kasi ang natira sa mga single ladies. Kasi ’yung matitino, mababait, maalalahanin at super guwapong mga lalaki, lahat may girlfriend na o kaya may asawa na, ’yung mga naiwan, eh, in love naman sa isa’t isa.”

Tumahol si Harry at ikiniskis ang ilong sa kanyang baywang na para bang kinokonsuwelo siya. Hindi niya napigil ang pagbungisngis dahil may kiliti siya roon.

“Yeah, yeah, I know. I’m lucky to have you, I know.” Sandali siyang tumungo para pagdikitin ang ilong nila pagkatapos ay naglakad na siya kasabay nito papunta sa isang maliit na convenience store.

Tumunog ang chime pagpasok niya sa store at agad niyang hinagilap ng tingin ang tao sa cashier. Ngumiti siya sa ubaning babae na nakasuot ng bilugang salamin sa mata.

“Okay lang po bang ipasok ’yung aso? Hindi po siya magulo.”

Tumango ang may-edad na babae at maliit na

ngumiti.

Dumako siya sa section ng dairy products at humagilap ng mga kailangan.

“Hmm, Tingin mo, Harry, mag-bake tayo ng lasagna bukas? O ngayong gabi na lang para ’yon na rin ang almusal bukas? I think it would go really well with the—”

Tumahol ang aso at tumakbo palagpas sa kanya papunta sa likuran niya.

“Harry!” Napapihit siya para hagilapin ito pero hindi niya ito naabutan. Sinunggaban nito ang isang lalaking may tulak na cart. “Ohmigod! Harry!”

“Whoa!” Napaupo ang lalaki sa sahig sa lakas ng pagbunggo rito ng kanyang forty-kilogram na aso.

“Oh my God! I’m so sorry! I’m so—”

Tumatawa ang lalaki habang dinidilaan ito sa mukha ni Harry.

“Easy, boy!” Tila nagniningning ang mga mata ng estranghero sa ilalim ng marahas na liwanag ng fluorescent light.

Hindi niya sigurado kung ano ang dahilan at parang gusto rin niyang dilaan ito gaya ng kanyang

alaga.

A. His golden brown skin reminded her of warm mocha and honey.

B. Every line of his face was sculpted with breathtaking precision.

C. The strong lines of his face seemed to soften when laughing.

D. All of the above.

At nang nagtaas ito ng tingin sa kanya, muntikan na rin talaga siyang tumalon para dambahin ito.

“Ano’ng nangyari? Abel!”

Nahimasmasan siya sa pagtitig kay Mr. Drop-Dead Gorgeous nang marinig ang boses ng isang matandang babae. Malalaking mata siyang napabaling muli sa kanyang asong kumakawag-kawag pa ang buntot habang dinidilaan ang lalaki.

“Harry! Ano ka ba? Come here, dali!” Ipinulupot niya ang mga braso sa katawan ng aso upang alisin ito sa pagkakadagan sa lalaki. Medyo mahirap iyon dahil sa taas niyang limang talampakan at apat na pulgada, mabigat lang siya nang kaunti sa kanyang alaga.

Tumatawang tumayo ang lalaki habang nakapamaywang ang may-edad na babae sa kanya. The guy was really tall. Hula niya ay lagpas anim na talampakan ito. Iyong tipo na ini-imagine ng mga babae kapag nagbabasa ng mga romance pocketbooks. At base sa mga braso nito at sa nakita niyang hulma ng katawan sa ilalim ng yellow *Aling Nilda's Grocery* uniform nito, pang-romance pocketbook din ang katawan ng lalaki.

“Miss, ano ba naman ’yang aso mo?” singhal ng babae.

Nahihiya siyang ngumiti. Ito rin ang babae sa cashier kanina at hula niya ay ito si Aling Nilda, ang may-ari ng convenience store.

“Sorry po. Hindi ko po alam kung ano’ng nangyari, hindi po siya karaniwang ganito. Babayaran ko na lang po kung may nasira.”

Binalingan ng matanda ang lalaking tinawag nitong Abel. “Pakikuha na lang ’yung iba pang nasa stockroom, ako na’ng mag-aayos dito.”

Umiling ang estranghero habang may maliit pa ring ngiti na tila mas matamis pa yata sa double fudge cheesecake na ginagawa niya.

“Hindi po, ako na. Mabilis lang—”

“Kunin mo na. Marami pa ’yung aayusing stocks, sige na. Ako na’ng mag-aayos dito para matapos na tayo agad.”

Napahawak sa batok ang lalaki at bumaling sa kanya. Nakalabas ang mga biloy sa mga pisngi nito at parang naramdaman niyang tumaas ang kanyang blood sugar level.

“Uh, ano, sorry, talaga,” ang tangi niyang nasabi.

Umiling ito habang nakangiti pa rin. “Okay lang. No harm done.” Tumango ito sa may-edad na babae bago naglakad papunta sa isang pinto na may nakapaskil na ‘Staff Only’.

Tumahol ang kanyang alaga at tila gustong sundan ang lalaking narinig niyang tinawag na Abel.

Nakikisimpatya siya. Parang gusto rin niyang habulin ito. Pero siyempre, mahigpit niyang hinawakan ang leash ng aso.

“Harry!” Pinandilatan niya ito.

Umungol ang aso at ikiniskis ang ilong sa kanyang tagiliran.

“Miss, ano ba ’yang aso mo?” Pinulot ng matanda ang ilang lata ng gatas na natabig at nahulog dahil sa pagdamba ni Harry kay Abel.

Agad siyang tumulong dito. “Sorry po talaga, babayaran ko po kung may—”

“Okay lang, wala namang nasira,” maagap na turan ng babae. Pagkuwan ay bumalik na ito sa cash register.

Pinandilatan niya ulit ang alaga bago hinagilap ang iba pang kailangang bilhin saka iyon dinala sa cashier. Ipinatong niya sa counter ang mga kinuha para bayaran.

“Two hundred sixty-five,” pakli ni Aling Nilda.

Bumukas ang pinto ng staff room at lumabas si Abel buhat ang isang may kalakihang kahon. Walang hirap nitong dinala iyon sa kalapit na aisle. She stared at the coiled muscles in his arms. Nang pumihit ito, hindi niya mapigilang pagmasdan ang malapad nitong likod at mga balikat. He looked so lean and strong. She wondered how it would feel like to rake her fingernails down his muscular back...

Nanlaki ang mga mata niya sa naiisip. Natauhan siya nang tumahol si Harry at nang tingnan niya ay parang gusto ulit nitong dambahin si Abel kaya hinigpitan niyang lalo ang hawak sa leash nito.

“Harry, ano ba!” mahina niyang saway sa alaga.

Umungol ang aso at ikiniskis ang mukha sa kanyang binti. Mabilis niyang kinuha ang wallet at binayaran ang mga binili. Bahagyang naniningkit sa kanya ang mga mata ni Aling Nilda. Alanganin siyang napangiti rito.

Pagkabayad sa mga binili, dinampot niya ang paper bag at hinila si Harry palabas ng store. Umungol ang aso na para bang ipinagkakait niya rito ang isa sa mga ligaya ng buhay nito.

“Harry!” gigil niya ulit. Apologetic siyang ngumiti sa nakasingkit na si Aling Nilda habang hila ang alaga.

Pagkalabas, kagaya ni Harry, hindi niya napigilang lingunin ulit ang lalaki. Pero hindi na niya ito masyadong maaninag. Inaayos ni Abel ang ilang stocks sa istante. Nakatagilid ito pero prominente pa rin mula sa puwesto niya ang anggulo ng panga ng lalaki.

Parang sabay pa silang napabuntong-hininga ni Harry. Matabang niyang binalingan ang aso.

“Harry, naiintindihan ko na nakakagigil talaga si Abel. Pero last time I checked, lalaki ka.”

Tumahol si Harry at napatangu-tango siya. “I know, I know. Wala akong karapatang manghusga,

tama? Kalayaan mo ang maging totoo sa sarili mo. It's a free country. I'm not judging you because of your sexual preference. It's okay, Harry, kailangan nating magpakatotoo sa sarili natin. And no matter what happens, I will always love you and I will always be here for you. So kebs lang.”

Umungol ang aso at kumawag-kawag pa ang buntot nito.

“Yeah, yeah, I'm such an awesome person... thoughtful, understanding. Yep, that's me...” Hinimas-himas niya ang likod ng tainga nito at wala sa sariling napatingin ulit sa loob ng grocery store.

Nanigas siya nang makitang nakatayo si Abel sa tabi ng istante at nakatitig sa kanya. Hindi niya alam kung nakikita siya nito dahil medyo madilim sa puwesto niya, pero sa tiim ng titig ng madidilim nitong mata, tila tumatagos iyon hanggang sa kaluluwa niya. Parang gusto niyang unti-unting matunaw at humalo sa lupa. Maliit siyang kumaway at ngumiti, at bago pa ito makatugon, hinila na niya ang alaga palayo roon.

“Everything's okay, Ma, I'm good.” Inipit niya sandali sa pagitan ng balikat at tainga ang cell phone

habang kinukuha ang mga libro sa isang kahon.

“Pumunta si Marlon d’yan kanina?” tanong ng ina.

Inilapag niya ang mga libro sa study table at hinawakan ng isang kamay ang phone. “Oo. Tinulungan lang nila ’kong mag-ayos n’ung mabibigat na gamit. In-assemble na namin ’yung dining table at kama. Si Kuya, ’andiyan na ba?”

“Wala pa. Mamaya pa ’yon, mga ten. Nag-overtime ulit.”

“Saturday, overtime pa rin?”

“Gan’un talaga kapag may pamilya na. Maraming gastos. ’Eto nga nag-LBM pa si Kai-Kai,” tukoy nito sa apo.

“Okay na siya, di ba?” Pinaghiwalay niya ang kanyang fiction at nonfiction books. Inilagay niya ang tungkol sa accounts, bussiness law at taxation at ang *Harry Potter* at *Percy Jackson* collection sa magkaibang istante.

“Okay naman na. Pinatingnan namin sa doktor kanina. Mahirap na at baka ma-dehydrate.”

“Buti naman. Mahirap magkasakit. Huwag n’yo munang pakainin ng mamantika, baka lalo siyang

magtae.”

“Oo nga.”

“Tulog na ba siya?”

“Pinapatulog na ni Rhea sa kuwarto nila,” tukoy ng ina sa manugang. “Titili lang ’yon nang titili kapag narinig ang boses mo.”

Natawa siya at binalingan ang isa pang kahon ng mga libro. “Sige, Ma. Bukas na lang ulit. Titingnan ko lang ’yung bine-bake kong lasagna. Next, next week na lang siguro kayo dumalaw dito para ayos na ayos na.”

“Oo, sige. Hindi rin ako makaalis dito dahil nag-aalaga ako sa pamangkin mo. Pagbutihin mo ang pagre-review.”

“Oo nga, kahit next year pa ulit ang licensure exam, nagsisimula na ’kong mag-review.”

“Yung kaibigan n’ung boyfriend ni Marlon, may order ’atang cupcakes sa ’yo, parang nabanggit ni Marlon n’ung nakaraan.”

“Oo, sinabi nga ni Jake kanina. Lola niya ang may order, sa weekend pa ’yon.”

“Kaya mo ba ’yan na may mga baking orders

'tapos nagre-review at pumapasok ka pa sa opisina?"

"Kaya, Ma. Sige, bukas na lang."

"Sige, ingat d'yan, ha? Mga pinto at bintana, i-lock lagi."

"Yes, sige. 'Night, love you!"

"Love you."

Tinapos na nila ang tawag. Narinig niya ang pagtahol ni Harry mula sa nakabukas na bintana ng kanyang silid. Tumayo siya at sinilip ang alaga. Nilaro ng malamig na hangin ang kanyang maikling buhok at hinawi niya iyon mula sa kanyang muka.

"Harry!" tawag niya sa alagang gumugulong sa kanyang madamong bakuran. "Anong petsa na? Pumasok ka na!"

Tumahol-tahol lang ulit ang aso at tumatakbo-takbo. Inikot niya ang mga mata at lumabas ng silid. Iniwasan niya ang ilang kahon na nakakalat pa sa sahig. Kaunti na lang iyon dahil naayos na niya ang iba pagdating niya galing sa convenience store kanina. Dumaan siya sa kusina at sinipat ang kanyang nilulutong lasagna sa oven. Sinulyapan niya ang timer sa counter at nakitang may ilang minuto pa bago ma-bake ang pasta.

Tinungo niya ang backdoor ng bahay. “Harry! ‘Lika na!”

Tumahol ang aso at tumakbo papunta sa kanya. Hinayaan niya ang sariling ngumiti at umupo saka ibinuka ang mga braso para tanggapin ang pagdamba nito.

She squeaked when her gigantic dog tackled her to the floor. Dinilaan siya nito sa mukha.

“Ugh! Harry, ang laway mo!” Tumatawa siyang umupo at hinimas-himas ang ulo nito. “Pasok na, gabi na.”

Tumayo siya at binuksan ang pinto para papasukin ito. Tumahol-tahol si Harry bago pumasok sa loob. May ngiti pa rin sa mga labi, humakbang siya papasok pero napasulyap siya sa bakuran ng kanyang kapitbahay. Napapaligiran ng solidong board wood fence ang bakuran niya at ng kapitbahay pero tanaw pa rin niya ang bakuran nito mula sa tayo niya.

Mula sa ilaw ng mga lamp post, tila nagliliwanag ang mga dilaw na rosas sa back garden ng katabing bahay. May mga blue at violet petunias at malalaking pink gumamelas. Napabuntong-hininga siya. She loved flowers. Siguro dapat niyang chikahin ang may-ari ng kabilang bahay para turuan siya sa

pagpapatubo ng mga bulaklak.

Pumasok na siya sa loob.

Bukas ay susubukan niyang katukin ang kapitbahay. Hindi pa niya nakikita kung sino ang nakatira sa kabilang bahay dahil madaling araw siya lumipat kahapon. Kasama niya ang mama at papa niyang nag-ayos ng ilang gamit kahapon pagkatapos ay sina Marlon at Jake naman kanina. Hindi pa siya nagkaroon ng pagkakataong makipagkilala sa kapitbahay niya.

Nilapitan niya ang alagang nakadapa sa sahig sa tapat ng isang nakabukas na electric fan. Umupo siya sa tabi nito at hinimas ang ulo nito.

“Nakita mo na ’yung nakatira d’yan sa kabila natin?”

Tumahol si Harry habang nakapatong ang baba sa front paws nito.

“Hindi pa rin? Ako rin hindi pa. Wish ko lang hindi sila Ate Cora Version 2 na nagvi-videoke hanggang alas tres ng madaling-araw. Pag nagkataon, good luck sa ’ting dalawa. Wala tayong ibang katabi dito kaya malamang mahihirapan tayong magreklamo.”

Tumahol ulit si Harry at ikiniskis ang ilong sa

Tall, Dark And Tangible - Dior Madrigal

kanyang palad. Humikab siya at ibinaon ang mukha sa makapal na balahibo nito. Pagkatapos ay tumawa siya.

“Eww! Nagpagulong-gulong ka nga pala sa labas!” Agad niyang nilayo ang mukha sa balahibo nito. “Mamaya may mga—”

Ding-dong.

2

Sabay silang napaayos ng upo ni Harry sa biglang pagtunog ng doorbell. Tumaas ang mga tainga nito at tila namilog ang mga mata.

Ding-dong.

Nanatili siyang nakatitig sa alaga at hinawakan ito sa likod. “Harry, ito na ang pagkakataong patunayan mo na sulit ang ibinayad kong 25K sa pagbili sa ’yo, isama mo na rin ang 2K worth of dog food at dog paraphernalia every month, plus iyong annual rabies vaccination and vet fee mo. Hindi ko na isasama ang bayad sa kuryente kahit lagi mo ’kong kinukulit na buksan lagi ang air con, pati na ang mataas na singil sa tubig dahil mahilig kang magbabad sa inflatable kiddie pool tuwing weekend. This is it, Harry. Ito na ang panahon para ipakitang tamang isang couch potato Alaskan Malamute ang kinuha ko at hindi isang sigang Doberman.”

Tumahol-tahol ang alaga at tumango siya. “Okay, I trust you!”

Tumayo siya at tumayo rin si Harry. Hinagilap niya sa drawer ang pepper spray na bigay sa kanya ni

Marlon kanina. Kumuha rin siya ng payong. Pagdating sa tapat ng pinto, sinilip niya ang nag-doorbell mula sa peephole.

“Ohmigod!” Natutop niya ang bibig at napaupo siya.

Tumahol si Harry at ikiniskis nito ang ilong sa seradura ng pinto. Kumawag-kawag din ang buntot na tila nakita ang paborito nitong dog bone.

Pinandilatan niya ito. “You knew, didn’t you? Na-sense mo, ’no? I don’t believe this! How could this—”

Ding dong.

Muntik na siyang mapasigaw.

“Tao po? Sorry po sa abala, emergency lang.”

Nanigas siya nang marinig ang baritonong boses ng lalaki mula sa kabilang bahagi ng pinto. Napapikit siya nang mariin habang tahol nang tahol si Harry at ngayon ay ikinakaskas na nito ang mga kuko sa pinto. Nagmulat siya at pinandilatan ang alaga.

“Stop! Hinuhulugan ko pa ’tong bahay na ’to, dina-damage mo na!”

“Ah, Miss?”

Napasinghap siya at natutop ang bibig.

Makapal ang pinto, pero sigurado siyang narinig na rin ng lalaki ang boses niya.

“Uhm... uh, pasensya na talaga sa abala, uh... wala lang kasi akong ibang mapuntahan.” Puno ng pag-aalangan ang boses nito.

Napapikit siya ulit at napamura sa sarili. Hinawakan niya ang seradura. Tumatahol na ulit si Harry sa tabi niya at kumakawag-kawag ang buntot. Pigil-hininga niyang binuksan ang pinto at humantad sa kanya si Mr. Tall, Dark and...Wet.

Napatigil sa akmang pagkatok ang lalaki at nanlaki ang mga mata. Pinigil niya ang sariling maglaway kagaya ng kanyang alaga.

Despite being wet, drop-dead gorgeous pa rin ang kaharap.

Sino ba ang niloko niya?

He looked totally perfect in that yellow *Aling Nilda's Grocery* uniform. Nagmukhang disente ang damit dahil suot iyon ng lalaki. At ngayong halos hubo't hubad na ito—tanging isang puting tuwalya ang nakatabing sa ibabang katawan nito—he was absolutely divine.

Basa at tumutulo pa ang tubig na may halong bula

mula sa ulo patungo sa leeg at dibdib nito, pero ang tanging naiisip ni Janina ay ang lalaking ito na ang kasagutan sa lahat ng problema ng sangkababaihan.

Pagkakita sa kanya ay napaawang ang mga labi nito at tila hindi ito makapagsalita.

The feeling was mutual, tila nalulon din niya ang dila. Pero sa tingin niya ay mas may excuse siya. Parang naprito ang brain cells niya sa harap ng ridiculous hotness nito.

Darn, six-pack abs ba iyon o eight? Siguro dapat niyang hilahin nang kaunti pababa iyong tuwalya para malaman niya kung...

Tumahol-tahol si Harry sa kanyang tabi.

“Uh, Miss...” Medyo paos ang boses ni Abel.

Pilit niyang itinaas ang titig sa mukha nito. Tumutulo ang tubig mula sa sentido ng lalaki papunta sa high cheekbones nito pababa sa matigas na panga.

Lumunok muna ito. “Uhm... ano, ako ’yung nakatira sa kabilang bahay, uhm... Biglang nawalan ng tubig, hindi ko alam kung bakit. Wala akong ipon na tubig, so uhm... I was hoping you could let me use your shower if it’s not too much to ask.”

Umihip ang hangin at hindi niya napigilang

mapansin ang pagtayo ng mabibining balahibo sa mga braso ng lalaki. Nahimasmasan siya at mabilis na niluwagan ang bukas ng pinto.

“Sure, uhm... sige, pasok. Sorry pinatayo kita d’yan nang matagal.”

Alanganin itong pumasok habang mahigpit ang hawak sa tuwalya. Agad niyang dinamba ang alaga dahil mukhang susunggaban na naman nito si Abel.

Pinilit niyang ngumiti sa lalaki habang nakikipag-wrestling kay Harry. “Uh, d’un sa pangalawang kuwarto sa kanan ng hall. May banyo d’un. You can use that and—”

Nakawala sa yakap niya si Harry at tumatahol na tinalon nito si Abel.

“Harry!” Agad niyang sinunggaban ito.

Pero huli na ang lahat.

Parang nasasapian ang aso niya at parang naririnig pa niya itong sumisigaw ng, Fafaaaaa!

Nadala siya ng momentum ng pagtalon nito at pareho silang bumangga sa kanyang kapitbahay.

Napasigaw ang lalaki at natumba sila sa carpeted na sahig.

“Anak ng tinapay, Harry...”

Napatigil siya nang magmulat ng mga mata.

Sa pagkakataong ito, natakot na talaga siyang baka atakehin siya sa puso. Hindi niya alam kung nilalamig ba siya o naiinitan. O kung nakatayo ba siya o nakadapa. O kung ito ba ang pinakamalas o pinakasuwerteng araw ng buhay niya. But this was definitely one of her most memorable days ever. Mas memorable pa ito kaysa sa gabi na nakipaghiwalay sa kanya ang asshole niyang ex noong high school dalawang araw bago ang prom. Hindi araw-araw ay natatagpuan niya ang mukha sa pagitan ng mga hita ng isang drop-dead gorgeous na lalaki, isang lalaki na wala nang saplot kahit pa ang puting tuwalya na nakapulupot sa baywang nito kanina.

She gulped as she stared at the piece of artwork in front of her. Wet and unaroused, he was still incredibly huge!

“F*ck,” he cursed.

And before her very eyes, she saw him harden and thicken.

This time, napatili na siya at lumayo sa lalaki. “Harry! I’m gonna kill you for this!”

Tumahol ang aso at tila ba naramdaman ang killing intent niya, tumakbo ito papunta sa backdoor sa kusina.

“Harry!” Hindi siya magkandaugaga sa pagtayo at paghabol dito. Pero bago makalabas ng backdoor ay huminto siya at nilingon si Abel. Nag-ingat siya na huwag itong tingnan sa ibabang bahagi ng katawan kahit ano pa ang sigaw ng inner pervert niya.

“Go take your shower. I’m sorry for this. Sorry talaga!” At tumakbo na siya palabas ng bahay para ibitin patiwarik ang alaga.

3

“That’s it, Harry! Dalawang buwan kang walang ice cubes!” Pinamaywangan niya ang alaga habang nakaupo sa stool sa kitchen counter, at ito naman ay nakaupo sa paanaan niya.

Tumahol-tahol ito at umiling siya.

“No. This is non-negotiable! I get it that Mr. Tall, Dark and Wet is completely yummylicious. But your action is still unjustifiable. How could you do this to me? Hindi ba kita tinuruan ng good manners and right conduct? Lahat ng ginagawa mo nagre-reflect sa ’kin. Hindi mo na ’ko binigyan ng kahihyan. Ano na lang ang iisipin ng ibang—”

“Uhm... Miss?”

Nanigas ang kanyang likod at agad namang tumayo ang mga tainga ni Harry. Pinandilatan niya ito para pigilan ito sa pagtayo.

Umungol ang alaga at tuluyang dumapa sa kanyang paanan. Alumpihit siyang tumayo para harapin ang lalaki.

Basa pa rin ang buhok nito pero hindi na

tumutulo at imbis na ang maliit na tuwalya, nakasuot na ito ng isang malaking pink terry robe.

Pinigil niya ang sariling mapabuntong-hininga sa panghihinayang. Ang totoo, siya ang naglagay ng terry robe sa labas ng banyo at nag-iwan siya ng note na nagsasabing gamitin muna nito iyon. Kahit na gusto pa niyang maglaway sa pagtitig sa matipuno nitong dibdib at abdomen, napagpasyahan niyang mas makabubuti sa peace of mind niya at ng alaga niya kung magsusuot ito ng mas malaking tela.

“Uhm...” Napahawak ito sa batok at bigla ay parang nangati ang mga daliri niya na padaanin din ang mga daliri sa tila kay-lambot nitong buhok. “Sorry sa abala, at—”

“It’s okay,” agad niyang sambit. “Ako dapat ang nagso-sorry. Yung aso ko, hindi talaga siya ganito. I don’t know what’s wrong with him, I’m really sorry.”

Sumilay ang isang maliit na ngiti sa mga labi nito at agad niyang tinapunan ng matalim na titig si Harry para balaan itong huwag magpadala sa matamis na ngiti ni Abel. Umungol ang aso at ikiniskis ang ilong sa kanyang binti.

“Uhm...” umpisa ng lalaki pero naputol iyon ng pagtunog ng kanyang oven.

“Ah, wait lang,” aniya at nagsuot ng gloves para kunin ang lasagna. Kumalat ang amoy ng sauce at cheese sa kusina at agad tumahol at kumawag-kawag ang buntot ng alaga. “Shh! ’Wag kang makulit, Harry.”

Malakas na kumalam ang isang sikmura.

Parang hinigop ng isang black hole ang lahat ng tunog sa loob ng kanyang maliit na kitchen. Kahit si Harry ay natahimik.

Nahihiyang tumawa ang lalaki sa kanyang likuran. “Oh, God, tell me you didn’t hear that. No, scratch that, please *pretend* you didn’t hear that.”

Hinarap niya si Abel. Nakahawak pa rin ito sa batok nito at may nahihiyang ngiti sa mga labi.

May kasabihan na ‘*beauty is in the eye of the beholder*’, pero naniniwala si Janina na may mga tao na talagang guwapo at maganda. May mga nilalang na walang duda na guwapo at maganda kahit sino pa ang tumingin at humusga.

Ganoon si Abel.

Pero hindi lahat ng certified na guwapo regardless of the beholder ay may winning smile. Iyong ngiti na parang matutunaw na lang ang nakakakita at mapapa-*aww* na parang gusto nang i-take home iyong

taong nakangiti.

Tumahol si Harry at pumutok ang bulang kinapapalooban niya.

“Uhm...” Hinayaan niya ang sariling ngumiti. “Would you care to have some?”

Umiling ito at bahagyang tumabing sa noo nito ang basa ng buhok. “Thank you, pero hindi na lang. I’m really sorry for intruding and imposing—”

“No, please. Apology na rin ’to sa nangyari sa grocery store kanina at para na rin sa uhm... ’yung alam mo na.”

Nakita niya ang paggapang ng kulay sa mga tainga ng lalaki at hindi niya napigilan ang pamimilog ng mga mata.

Si Drop-Dead Gorgeous marunong mag-blush?

“You don’t have to—”

“I insist,” putol niya rito. Bago pa ito makasagot, lumapit siya sa lababo para kumuha ng maliit na casserole dish sa istante sa itaas. Pero dahil medyo maliit siya ay hindi niya maabot.

“Ugh,” ungol niya sa inis. Umurong siya para kumuha ng upuan pero bumangga ang likod niya sa

isang matigas na bagay.

“Let me,” anang lalaki sa kanyang likuran.
“Ano’ng kukunin mo?”

Parang nanuyo ang kanyang lalamunan. Ramdam niya ang init ng katawan nito sa likod niya at pakiramdam ni Janina ay bine-bake siya sa loob ng kanyang oven.

“Uhm...’yung maliit na casserole dish sa kanan.”

Walang hirap nitong inabot iyon. Up close, she watched the muscles of his arm contract as he reached for the *Pyrex*.

“Here,” usal ng lalaki at ramdam niyang naistorbo ang kanyang buhok sa bumbunan dahil sa paghinga nito.

“Uhm... thanks.” Kinuha niya ang lalagyan at agad siyang humakbang palayo sa lalaki. Mahe-heat stroke yata siya kapag tumabi siya rito nang matagal.

Hindi niya ito nilingon habang nilalagyan ng lasagna ang casserole dish. Naglagay rin siya ng garlic bread sa tabi ng pasta bago iyon tinakpan.

“Uhm... here.” Iniabot niya rito ang lalagyan.

Alangan nitong tinanggap iyon. “Thanks.”

“So, uhm...” aniya, “ikaw ’yung nakatira sa kabilang bahay?”

“Yes.”

“Nice.”

“Yeah.”

Tumahol si Harry at doon naputol ang sa tingin niya ay worst awkward conversation ever.

“Uhm, I guess I better go,” anang lalaki.

“Uh, okay.”

Nagpatiuna siya rito sa front door. Doon siya biglang na-conscious sa kanyang hitsura. Nakamalaking T-shirt at maikling shorts lang siya. Wala siyang makeup at nakayapak din siya. Medyo magulo ang buhok niya, salamat sa pagsabunot niya roon dahil sa konsumisyon sa kanyang nag-out of the closet na alaga. Nang mapadaan siya sa salamin malapit sa pinto ay napagtanto niyang tama ang kanyang hinala. Parang pugad ng ibon ang maikli at kulot niyang buhok at kita ang mga pekas sa kanyang ilong at pisngi.

Yup, mukha nga siyang losyang na matandang dalaga.

Sandali siyang napapikit at napaungol sa sarili. Binuksan niya ang pinto para sa lalaki pagkatapos ay humarap ito sa kanya. Parang bigla siyang binugahan ng hot waves ng kaguwapuhan nito.

“I know this is sort of late, but I’m Abel Lorenzanas, and it’s really nice meeting you.”

Nagawa niyang tumango. “Yes, narinig kong tinawag ka ngang Abel n’ung... si Aling Nilda ba ’yun sa store?”

Tumango rin ito. “So, uhm, you are?”

“Oh.” Napasinghap siya. “I’m Janina Sanchez, Jan for short. At ito ang alaga kong si Harry.” Binalingan niya ang malamute na nakalawit ang dila at kumakawag-kawag pa ang buntot habang nakatunghay kay Abel. “Harry, say hi. Pero huwag mo na siyang dadambahin or I swear forever nang walang ice cubes for you.”

Umungol ang aso bago tumahol. Maikling tumawa ang bisita.

“So, uhm... sige, uwi na ’ko. Pasensya na ulit sa abala at salamat dito. Itong robe, lalabhan ko lang muna bago ko ibalik—”

“No, ’wag na, okay lang.” Malapad siyang

ngumiti. May plano siya sa terry robe na iyon. Nai-imagine na niya ang sarili niyang niyayakap iyon sa pagtulog.

Gusto niyang umiling sa sarili. She was turning into a nutcase! Kasalanan iyon ni Harry.

“Uhm, okay. Sige, bukas ko na lang ibabalik.”

Tumango siya at tuluyan na itong lumabas. Hindi niya mapigil ang mapabuntong-hininga habang pinagmamasdan ito. Ilang lalaki ang kayang magsuot ng pink terry robe at magmukhang lalaking-lalaki pa rin? Sigurado siyang kaunti lang.

Hinintay niya itong makarating sa pinto ng bahay nito. Bago pumasok doon, lumingon ito sa kanya, ngumiti pagkatapos ay kumaway.

She swore her heart just melted. Maikli rin siyang kumaway at ngumiti bago pumasok sa loob ng kanyang bahay.

Umungol si Harry at dinilaan ang kanyang binti. Umupo siya at bumungisngis sa alaga.

“O, o, ’wag kang tatakbo. Pag ikaw tumakbo at na-heat stroke ka, bahala ka sa buhay mo.”

Tumahol si Harry at binagalan ang paglakad sa tabi niya. Hinimas-himas niya ang likod ng tainga nito at umungol ito sa sarap.

Ngumiti siya at nagpatuloy sa paglalakad. Malamig ang pang-umagang hangin at masarap iyon sa balat. Humugot siya ng malalim na hininga at malakas na pinakawalan iyon.

“I love the air here!” She beamed at her dog.

“It is great here.”

Muntikan na siyang matapilok at mabilis siyang napapihit sa likuran. Tumatama ang pang-umagang araw sa itim na itim na buhok ni Abel at tila lalong pinatitingkad ang kulay niyon.

“Morning.” Malapad ang ngiti ng lalaki at nakalabas muli ang killer dimples nito.

“Morning.” Proud na proud siya sa sarili niya dahil hindi siya nabulol.

“Hi, Harry.” Hinimas nito ang ulo ng aso niya at siyempre, dahil si Harry ay si Harry, a.k.a. die hard fan ni Mr. Tall, Dark and Wet—err, Handsome, masigla nitong dinamba ang lalaki at dinilaan sa mukha.

Tumawa si Abel habang yakap ang aso niya.

“Harry!” Akmang hihilahin niya ang ambisyosa niyang alaga pero umiling ang lalaki.

“It’s okay. Dogs like Harry are naturally affectionate. Right, Harry?” Nakangiti nitong hinimas-himas ang likod ng tainga ng aso at masayang kumahol-kahol naman ang kanyang malamute.

Sandali siyang natigilan. Hmm. Kung siya kaya ang sumunggab at dumila rito, sasabihin din kaya nitong humans like her were naturally affectionate?

I-try niya kaya minsan.

“You’re taking Harry for a walk?” tanong nito. Nanatiling nakadikit kay Abel ang kanyang alaga.

Tumango siya. Naglakad sila sa gilid ng pababang kalsada. Sa madamong parte niya pinapalakad ang alaga para hindi ito mainitan sa semento.

“Mas okay kasi kapag ganitong umaga at hindi pa masyadong mainit,” aniya. “Minsan sa gabi din naglalakad kami kapag walang time sa umaga. Hindi puwedeng tanghali dahil sa work ko, at saka hindi rin niya kaya ’yung init.”

“Yes, hindi talaga kaya ng Alaskan Malamute ang masyadong mainit dahil sa kapal ng coat nila.”

“True.”

Binuksan ng lalaki ang dala nitong bottled water at uminom doon. Pasimple niyang sinipat ito. Naka-basketball shorts ito, puting kamiseta at running shoes. May puting towel din na nakasukbit sa leeg ng binata. Pinilit niyang huwag pakatitigan ang paghakab ng puting kamiseta sa malapad nitong dibdib, basa iyon sa pawis.

“You’re out for a morning jog?” tanong niya kahit obvious iyon.

Ipinunas nito ang kamay sa bibig. “Yes, I jog around here every morning. At sa hapon din kapag may oras.”

“May tubig na sa bahay mo?”

“No, wala pa. Pero tumawag na ’ko ng gagawa, darating sila mamaya. Nagpa-deliver na lang muna ako kagabi ng limang container ng tubig d’yan sa water station sa ’baba para may magamit ako.”

Tumango siya. So hindi na ito makikiligo sa kanya?

Sayang.

Pinilit niyang huwag bumuntong-hininga. Tumatahol si Harry at sinanggi ng ilong nito ang kamay ni Abel na may hawak ng bottled water.

Tumawa ang lalaki. “Thirsty?”

Tumahol ulit ang alaga. Umiling at ngumiti siya saka nilabas ang one liter bottled water at drinking bowl sa kanyang sling bag. Umupo siya sa tabi ng kalsada sa tabi ni Harry at ibinaba ang drinking bowl.

“May mga bottles with flip down bowl para sa mga aso,” narinig niyang sabi ni Abel habang nilalagyan niya ng tubig ang bowl ni Harry. “Mas convenient iyon para hindi ka na nagdadala ng drinking bowl.”

“Ah, talaga?” Nagtaas siya ng tingin at nagulat nang malamang ilang pulgada lang ang layo ng mukha nito sa kanya.

Nakaupo rin ito sa tabi niya at nakatitig sa bowl. Nagtaas ito ng tingin at natigilan din nang magtama ang mga mata nila. He had very long eyelashes. Itim na itim iyon at makapal.

“Uh, yes,” anito at bahagyang lumayo sa kanya. “Meron sa mga pet shops.”

Tumango siya at ibinaling ang pansin sa umiinom na alaga. Hinimas-himas niya ang ulo nito habang umiinom. “You seem to know a lot about dogs, may alaga ka rin ba?”

“When I was a kid, I used to have a malamute,

too.”

“Talaga? Nice. 'Asan na siya?”

“Gypsy died seven years ago.”

“Oh.” Napatitig siya ulit dito. Nakakunot ito at matamang nakatitig kay Harry. “So, uh, hindi ka na ulit nag-alaga?”

Napatitig ito sa kanya pagkatapos ay maliit na ngumiti. It seemed a little forced, but it was still a heart-stopping smile.

“No, I didn't. Medyo nawalan ako ng oras.” Nag-iwas ito ng tingin at tumayo.

Napakagat-labi siya at simpleng tumitig dito. Okay, medyo personal ba ang naging tanong niya? Hindi siya umimik ng ilang segundo at hinintay matapos uminom ang alaga. Nang maubos nito ang tubig ay pinunasan niya ang bowl saka ibinalik sa bag.

“So, uhm...” aniya nang naglalalakad na ulit sila sa tabi ng kalsada. “Matagal ka na dito?”

Sumulyap ito sa kanya bago sumagot. “A little over seven years.”

Napatango siya sa sarili. A little over seven years. Seven years ago, namatay ang aso nito. Coincidence?

Masyado lang ba siyang chismosa?

Tumahol-tahol si Harry pagkatapos ay tumakbo papunta patungo sa isang maliit na parke. Nagpagulong-gulong ito sa damuhan doon. Hinayaan niya ang sariling ngumiti.

“He loves it here,” usal niya. “Sa Quezon City kami galing at d’un din ako lumaki. I love the city pero parang masarap din pala sa ganitong lugar. Hindi naman probinsya pero malamig pa rin, malinis ang hangin at marami pa ring puno.”

“Iyon ba ang dahilan kaya ka lumipat dito?”

Tumawa siya at nag-inat nang kaunti. Iniunat niya ang kanyang isang binti habang nasa kabilang balakang at binti ang kanyang bigat.

“Sort of. ’Yung kapatid ko kasi nag-asawa na ’tapos kasama na sa bahay namin sa Quezon City. Medyo maliit na ’yung bahay para sa ’min. I thought maybe it’s time for me to try and live on my own. Mas kailangan ni Kuya ang parents namin kasi kailangan ng makakatulong sa pag-aalaga sa pamangkin ko, so ’ayun. Ta’s maingay kasi ’yung kapitbahay namin, eh, kailangan kong mag-review para sa CPA licensure exam. Dalawang try na lang at kapag bumagsak ako, good luck sa ’kin.”

Ang kabilang binti naman ang binanat niya. Natatamaan ng sinag ng araw ang puwesto nila at ninamnam niya ang init niyon. Naka-racerback sando siya at shorts, at tamang-tama ang suot para mapaliguan ng araw ang kanyang balat.

“Accountant ka?”

“Yup. Pero hindi pa certified.”

Binalingan niya ang lalaki at nakitang malamlam ang mga mata nito habang nakatitig sa kanyang nakahantad na mga binti. Narinig nila ang pagtahol ni Harry at napakurap si Abel. Agad itong nag-iwas ng tingin.

“Maganda nga dito kung gusto mo ng tahimik na atmosphere. Antipolo na siguro ang pinakamalapit sa malalaking cities na may ganito pa ring climate. It’s the closest to Baguio that I can find. I sure miss that place.”

Inayos niya muna ang paghinga bago nagsalita ulit. “Taga-Baguio ka?”

May bahagyang ngiti sa mga labi nito habang pinapanood ang kanyang alagang magpagulong-gulong sa damuhan. “Yes. Born and raised there. I moved here when I was twenty-four and I’ve been living here ever since.”

Gumawa siya ng mental calculation. Ibig sabihin ay thirty-one na ito. Anim na taon ang pagitan nila. Hindi naman iyon masyadong malaki, hindi ba?

Napailing siya sarili. Ano ngayon?

“Ba’t ka napadpad dito?”

Nawala ang ngiti nito sa mga labi at napatingin ulit sa kanya. Tila hindi nito alam ang sasabihin at nanatili lamang nakatitig sa kanya sa loob ng ilang segundo.

Alanganin siyang napangiti. “Uhm, you don’t have to answer if it’s too personal.”

Napahawak ito sa batok at awkward na napangiti. “No, it’s not like that, it’s just...”

Tumatahol na tumakbo sa kanya si Harry at dinamba siya. Tumatawang niyakap niya ito. “Okay, Harry Barry, tama na ang laro, uwi na tayo.”

Umungol ito at dinilaan siya sa mukha pero umiling siya. “No, no. Malapit nang uminit. Nagtitipid tayo ngayon, Harry, hindi ka puwedeng magpaospital. We have to go home na.”

Tumahol ulit ito pero hinayaan na siyang igiya ito pabalik sa bahay. Binalingan niya si Abel.

Tall, Dark And Tangible - Dior Madrigal

“Sige, balik na kami.”

Nakangiti itong naglakad sa tabi nila. “Babalik na rin ako.”

Siyempre, hindi na siya nagprotesta.